



U.S. DEPARTMENT OF AGRICULTURE

Pahayag sa Pag-access sa Wika

Disyembre 7, 2023

Ang Departamento ng Agrikultura ng Estados Unidos (United States Department of Agriculture, USDA) ay nakatuon sa pagpapalakas ng mga serbisyo at programa nito sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga indibidwal na may limitadong kahusayan sa Ingles (LEP) ay makakatanggap ng makabuluhang access sa mga programa at aktibidad na isinasagawa at tinutulungan ng pederal na pamahalaan ng USDA. Noong Nobyembre 9, 2023, nagkabisa ang Plano sa Pag-access sa Wika ng USDA; available ito sa <https://usda.gov/oascr/languageaccess>. Ang pahayag na ito ay nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng Plano sa Pag-access sa Wika ng USDA.

Ang napapanahon at tumpak na komunikasyon sa publiko ay mahalaga sa misyon ng USDA para paglingkuran ang lahat ng tao sa Estados Unidos sa pamamagitan ng pagbibigay ng epektibo, makabago, batay sa agham na pamumuno sa patakaran sa agrikultura, pagkain at nutrisyon, proteksyon at pamamahala ng likas na yaman, pag-unlad sa kanayunan, at mga kaugnay na isyu na may pangako sa paghahatid ng pantay at may pagsasaalang-alang sa klima na mga oportunidad na nagbibigay-inspirasyon at tumutulong sa Amerika na umunlad.

Patakaran ng USDA na ang mga Lugar ng Misyon, ahensya, at tanggapan ng tauhan, at tauhan ay dapat gumawa ng mga makatuwirang hakbang upang magplano at mabigyan ang mga indibidwal ng LEP ng napapanahon, tumpak, at epektibong komunikasyon sa loob ng lahat ng programa o aktibidad na isinasagawa ng Departamento—at dapat magsikap para matiyak na ang mga provider ng mga programang tinulungan ng USDA ay sumusunod sa kanilang kaukulang mga obligasyon sa pag-access sa wika at sa mga patakaran ng USDA. Ang mga patakarang ito ay batay sa prinsipyo na responsibilidad ng USDA, at hindi ng isang indibidwal na naghahanap ng mga serbisyo, na gumawa ng mga makatuwirang hakbang upang matiyak ang makabuluhang pag-access sa lahat ng programa at aktibidad ng USDA at itaguyod ang katarungan para sa mga indibidwal na nakikipag-ugnayan, o maaaring makipag-ugnayan, sa USDA sa telepono, pagsulat, nang personal, o sa pamamagitan ng mga elektronikong pamamaraan.

Ang mga provider ng mga programa at aktibidad na tinulungan ng USDA ay dapat ding gumawa ng mga makatuwirang hakbang upang mabigyan ang mga indibidwal ng LEP ng napapanahon, tumpak, at epektibong komunikasyon.

Ang mga tauhan ng USDA ay gagawa ng mga makatuwirang hakbang upang epektibong ipaalam sa publiko, sa wikang nauunawaan ng mga miyembro ng publiko, ang pagkakaroon ng mga serbisyo sa tulong sa wika, at upang magbigay ng kwalipikadong tulong sa wika nang walang bayad sa mga indibidwal na may LEP. Kabilang sa mga hakbang na dapat gawin upang matugunan ang pangangailangang ito, nagtatag ang USDA ng webpage ng Pag-access sa Wika (<https://www.usda.gov/oascr/languageaccess>), na nagpo-post ng naaangkop na impormasyon at dokumentasyon, kabilang ang Plano sa Pag-access sa Wika ng USDA pati na rin ang lugar ng misyon, ahensya, at mga plano sa pag-access sa wika ng tanggapan ng tauhan, kasama ang iba pang naaangkop na mga awtoridad at mapagkukunan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga indibidwal na responsable para sa pagsasaayos, pagsubaybay, at pagbibigay ng pangangasiwa tungkol sa pag-access sa wika para sa mga miyembro ng publiko na maaaring humingi ng impormasyon o mga serbisyo ng pag-access sa wika.



U.S. DEPARTMENT OF AGRICULTURE

Ang Plano sa Pag-access sa Wika ng USDA ay nilayon upang mapabuti ang panloob na pamamahala ng programa ng pag-access sa wika ng Departamento, at hindi gumawa ng anumang karapatan o benepisyo, substantibo o pamamaraan, na maipapatupad sa batas o katarungan ng isang partido laban sa Estados Unidos, mga ahensya, opisyal o empleyado nito, o sinumang tao. Ang Plano sa Pag-access sa Wika ng USDA ay nilayon para sa panloob na pamamahala ng programa ng pag-access sa wika ng Departamento, at hindi nilayong sipiin sa anumang prosesong panghukuman o administratibo. Ang pangangasiwa ng mga programang tinalakay ay nasa sariling pagpapasiya ng Departamento at ng mga ahensya at tanggapan nito.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang <https://usda.gov/oascr/languageaccess>. (Naka-post doon ang dokumentong ito sa maraming wika.)